

1

This date wasn't going anywhere.

Sumandal si Kate Mendez sa upuan, kunwari ay nakikinig sa mga sinasabi ng ka-date na si Calvin.

Treinta minutos na itong nagkukuwento tungkol sa mga experiences nito habang nagma-mountain climbing sa *Mt. Apo*, at treinta minutos na rin siyang unti-unting pinapatay ng boredom.

“So, I ended up saving our guide’s life,” pagpatuloy nito sa kuwento, hindi pansin ang pagkabagot niya. “Hindi ko naman sinadyang gawin ’yun, pero he insisted that he owed me his life.”

Pinilit niyang ngumiti para pagtakpan ang hikab na nagtatangkang kumawala mula sa mga labi niya. Kung siya lang ang masusunod, ito ang magiging pinakamaikling date sa history ng buong mundo.

Pero hindi pa siya puwedeng umalis.

Bilang relationship expert ng *Sass* magazine, natutunan ni Kate kung paano mag-multitask. Ka-date nga niya si Calvin, pero guinea pig din niya ito para sa isusulat na dating article tungkol sa body language.

How to Tell if He's Into You in Twenty Minutes ang naisip niyang title para sa article.

“So, ano’ng sunod na nangyari?” nakangiting tanong niya.

Calvin leaned forward, looking into her eyes. “I’ve always wanted to save another man’s life. Mula pagkabata, alam ko na that I was meant for great things.”

Nagpatuloy ito sa pagsasalita, pero hindi nakinig si Kate. He was leaning forward on the table, and according to her research, sign iyon na attracted sa kanya ang kausap.

Sign din daw na attracted sa iyo ang isang lalaki kung nakaturo sa direksyon mo ang mga paa nito, kaya pasimpleng sumulyap siya sa ilalim ng mesa. Both his feet were pointed in her direction.

Bingo!

Wala pang isang oras ang tagal ng date nila, but he was already hers for the taking.

Tila narinig naman ng mga anghel ang tahimik niyang daing dahil tumayo si Calvin at sinabing, “Excuse me. I just have to go to the rest room.”

Nang umalis ito, agad niyang inilabas ang cell phone mula sa bag. Iti-text sana niya ang pinakamatalik na kaibigan na si Manuel Angeles III a.k.a. Noel ngunit naunahan siya nito.

Help, ang tanging laman ng mensahe nito. In capital letters pa.

Mabilis niyang tinipa ang mensaheng nagtatanong kung mayroon itong problema. Natanggap niya ang reply nito pagkalipas ng isang minuto.

Break na kami ni Julie.

Gustong sabihin ni Kate na nagulat siya sa balita ni Noel, pero magiging sinungaling siya kung gagawin niya iyon. Ilang buwan na niyang napapansin na unti-unting nawawalan ng interes si Julie kay Noel, at sinubukan din niyang bigyan ng babala ang kaibigan.

Like every lovesick fool in the world, hindi nakinig si Noel.

Tawagan mo ako. You know the drill, ang pinadala niyang text message kay Noel nang makitang pabalik sa mesa si Calvin. Ibinalik niya sa bag ang cell phone at ipinukol ang atensyon sa roasted duck with raspberry glaze sa harapan niya.

Kahit palagi siyang pumupunta sa mga sosyal na restaurant bilang staff member ng *Sass*, ordinaryong klase ng pagkain pa rin ang hinahanap ng tiyan ni Kate.

In fact, burger at fries ang gusto niyang kainin ngayon.

“So, na-miss mo ba ako?” nakangising tanong ni Calvin bago ito naupo ulit sa harap niya.

She lowered her eyes, and looked at him through her lashes.
“You know I did.”

Muntik siyang napahalakhak na parang bruha nang napalunok ang lalaki, namumula ang dalawang pisngi nito. Ang mga lalaki talaga, napakadaling paikutin.

Right on schedule, tumunog ang cell phone niya. Bago ito sagutin ay nanulis ang nguso niya na lalong ini-emphasize ang gamit niyang Russian Red lipstick. “Sorry, Calvin, ha. Istorbo ’tong tawag sa date natin kaya lang baka importante. Sasagutin ko lang, ha?”

“S-sure,” ani Calvin na tila na-magnet ang tingin sa mga labi niya.

Imbis na lumayo sa mesa, sinagot niya ang tawag ni Noel sa harap ng ka-date. Parte iyon ng plano.

Ni hindi man lang nag-hello si Noel. “To the rescue na naman ako sa palpak mong date.”

Muntik siyang matawa sa sinabi ng kaibigan, ngunit agad din niyang pinaseryoso ang anyo. Pinakunot niya ang noo, at humigpit ang hawak niya sa telepono na tila nakasalalay rito ang buhay niya.

“Ha? Naaksidente si Tito?” malakas niyang tanong sa mangiyak-ngiyak na boses. “Oh, my God! Hintayin mo ’ko. Pupunta agad ako diyan.”

Noel snorted.

“Stay strong, Noel,” aniya bago tuluyang tinapos ang tawag.

Ginagap ni Calvin ang kamay niyang nakapatong sa mesa, bakas ang pag-aalala sa mukha nito. “Ano’ng problema, Kate? May maitutulong ba ’ko?”

Binawi niya ang kamay na hawak nito at pinahiran ang kaisa-isang luha na dumaloy sa pisngi niya. Puwede nang pang-*FAMAS* ang performance niya ngayong gabi. “Sorry talaga, Calvin, pero naaksidente ang tito ko. He’s been like a father to me, so kailangan ko talaga siyang puntahan.”

“Naiintinidihan ko. Puwede kitang ihatid sa ospital kung gusto mo.”

Ang kulit. “Huwag na.” Umiiling na tumayo si Kate at dinampot ang bag niya. “Gusto kong malaman mo that I had a really great time tonight.”

Bago pa makasagot si Calvin, tinalikuran niya ito at mabilis na tinungo ang exit ng restaurant. Nagmamadali siya dahil baka magbago ang isip ng lalaki at magpumilit itong ihatid siya. He seemed like the type.

What a waste of makeup, isip niya.

Lately, may malalaking pagkakapareho ang mga lalaking nakaka-date niya. Boring silang lahat at napakadaling basahin. Kate wanted a challenge.

Ngunit parang napakahirap nitong hanapin.

Gamit ang spare key na ibinigay sa kanya ng kaibigan, madaling nakapasok si Kate sa apartment ni Noel. Nadatnan niya ito na nakalupasay sa sofa at napapalibutan ng ilang bote ng beer.

“Kate?” anito habang sinusubukang ayusin ang tabinging salamin.

Agad napuno ng awa ang puso ni Kate nang makita ang kalagayan ni Noel. Napakagulo ng buhok nito na karaniwan ay maayos na nakasuklay, at namumungay rin ang mga mata nito dahil sa ininom na alak.

Nang nakaupo na ito nang tuwid, agad niya itong tinabihan at niyakap. “You look like a mess. Ano ba kasi ang nangyari?”

“Julie broke up with me,” imporma nito sa walang emosyon na boses. “Nasasakal na raw siya sa ’kin.”

Lalong humigpit ang pagkakayakap niya kay Noel. Simula’t sapul pa lang ay hindi talaga siya boto sa babaeng iyon. Palagi siyang pinagseselosan nito, at hindi na-appreciate kung gaano kabait ang binata.

Sa sama ng ugali ni Julie, malamang ay makakalipad ito kung bibigyan ng walis tingting.

“Kung gusto mo, puwede ko siyang sakalin. Literally.”

Mahinang tawa ang isinagot nito. “Huwag na. Baka makulong ka pa.”

“Okay lang,” aniya. “I know you’ll bail me out of jail naman.”

“Hindi pa rin nagsi-sink na tapos na talaga kami ni Julie.”
Inihilamos ni Noel ang mukha sa mga palad. Garalgal ang tinig nito nang magsalita ulit. “Naniniwala ako na magkakabalikan kami, kaya huwag na huwag mo siyang sasakalin.”

“Pagkatapos ng ginawa niya sa ’yo babalikan mo pa rin siya?”

No, hindi niya sasakalin si Julie.

Mas gusto niyang unahin si Noel dahil sa katangahan nito.

“Hindi mo naiintindihan, Kate,” depensa nito sa sarili. “Five years na kami ni Julie. Hindi ako puwedeng bumitaw nang gan’on lang.”

“Bakit hindi? Binitiwang ka na nga ni Julie.”

Gusto talaga niyang batukan ito para matauhan mula sa kahibangan sa dating nobya nang kahit kaunti. Animo’y may sumapi rito noong una nitong nakita si Julie all those years ago, at mula noon ay hindi na ito tumingin sa ibang babae.

Kumibit-balikat si Noel habang dinadampot ang isang bote ng beer. Sinimsim nito ang laman ng bote at nilingon siya, nag-aalangan ang ekspresyon sa mukha. “Sigurado ako na magbabago rin ang isip niya. Sinusubukan ko nga siyang tawagan, pero hindi naman siya sumasagot.”

“Ilang beses mo siyang tinawagan?”

Yumuko ito, alam na ang magiging reaksiyon niya. “Limang beses.”

“Limang beses?” Unti-unting tumaas ang boses ni Kate sa bawat pantig, ngunit wala na siyang pakialam. She had to protect Noel.

Even from himself.

“Ayoko nang pag-usapan ’to.” He ignored her outraged expression. Tumayo ito at sinimulang ligpitin ang nakakalat na mga bote ng beer. “Want to sleep over and watch a movie? Kahit ano’ng gusto mo.”

Humalukipkip siya, kunwari ay pinag-iisipan nang mabuti kung tatanggapin ang alok nito o hindi. Batid niyang peace offering nito ang pagpayag na siya ang pumili ng panonoorin nilang pelikula. He hated actions movies, at alam nito na iyon ang pipillin niyang genre.

“Fine,” sambit niya sa wakas.

Hindi niya kukulitin si Noel tungkol kay Julie ngayong gabi, ngunit hindi dapat ito magkakamaling isipin na tatantanan niya ito.

Their conversation about Julie was far from over.

Nagising si Kate kinabukasan dahil sa nakakatakam na amoy

ng French toast. Napangiti siya nang maisip na hindi talaga siya matiis ni Noel. Kahit muntik na silang mag-away noong nakaraang gabi, ipinagluto pa rin siya nito ng paborito niyang agahan.

He really was the best friend a girl could have.

Umunat-unat muna siya bago bumangon at dumerecho sa kusina. Sumandal siya sa pintuan habang pinagmamasdan ang naglulutong anyo ng kaibigan.

Sinubukan niya itong i-evaluate na parang hindi niya ito kilala. Mahirap gawin iyon dahil mula noong nawala ang baon niya noong grade five ay hindi na sila napaghiwalay.

First year high school na si Noel noon nang makita siya nitong umiiyak. Pinatahan siya nito at binigay ang sariling baon sa kanya. Mula noon, ito na ang naging pinakamatalik niyang kaibigan.

Kahit bagong gising at magulo ang buhok, napakaguwapo pa rin ng binata. Hindi maitatago ng salamin ang ganda ng mga mata nito, and his smile could light up an entire room. Pagkatapos ng higit dalawang dekadang pagkakaibigan, natutulala pa rin siya kung minsan tuwing ngumingiti ito.

Pagmamay-ari nito ang isang web development firm that he started from scratch. Sa katunayan, ang firm nito ang nagpapatakbo sa official website ng *Sass* magazine. To top it all off, he was also a great cook.

Kung tutuusin, Noel was a great catch. Hindi ito dapat iniwan ni Julie nang gano'on lang.

“Umaandar na naman ang pagka-stalker mo,” untag ni Noel na nakatuon pa rin ang buong pansin sa pagluluto ng French toast.

“At umaandar na naman ang pagiging psychic mo.”

Pagkatapos nitong magluto, sabay silang naupo sa dining table. Halos hindi na siya makapaghintay na kainin ang niluto nitong French toast, at mabilis iyong sinungaban.

“Ang sarap talaga!” pahayag niya pagkatapos sumubo.

Nakataas ang dalawang kilay na tinitigan siya ni Noel. “Ewan ko lang kung magugustuhan ka pa ng ka-date mo kagabi kung makikita ka niya ngayon.”

Kate knew she looked like a mess. Sanay ang mga admirers at kaopisina niya sa *Sass* na nakikita siyang perpekto ang makeup at laging sunod sa uso ang damit. Malamang ay aatakehin ang mga ito sa puso kung makikita siya ngayon—magulo ang mahabang buhok, walang bahid ng makeup sa mukha, at suot ang isang napakalaking t-shirt na may *The Debate Team* print sa harap.

“Bakit naman hindi?” aniya sa boses na sinadyang maging mapang-akit. She looked at him from beneath her lashes, isang move na laging nagpapahina sa mga tuhod ng mga lalaking nakaka-date niya.

Natawa lang si Noel. “Hindi bebenta sa ’kin ’yang drama mo.”

Hindi siya nagulat sa reaksiyon nito. Ito lang yata ang kaisa-isang lalaki sa mundo na immune sa charms niya. Natawa rin siya at ipinukol ang buong atensyon sa pag-ubos ng agahan.

“May maganda akong balita.”

Nagtataakang inangat ni Kate ang mga mata mula sa plato. Abot sa mga mata ni Noel ang ngiti nito, hindi tulad kahapon na parang namatayan ito ng pinakamamahal na alaga.

“Ano ’yun?”

“Sinagot na ni Julie ang tawag ko,” masayang imporma nito. “Mag-uusap kami mamaya. Sa tingin ko, magkakabalikan na kami.”

Parang bula na nawala agad ang good mood niya.

Hindi kailangan ni Kate na maging relationship expert ng *Sass* magazine para mahulaan kung ano ang sasabihin ni Julie sa kaibigan. Magpapaalam na ito nang tuluyan, hindi makikipagbalikan.

Imbis na kontrahin agad si Noel gaya ng nakasanayan nito, ibang taktika ang sinunod niya.

“Mabuti kung gan’on.” Tahimik niyang ipinagdasal na sana mukhang sinsero ang ngiti niya. “Pero sa tingin ko, mas mabuti

kung bibigyan mo muna ng space si Julie. Why don't you give her a chance to miss you? Hindi ba't 'yun naman ang hinahanap niya?"

"May punto ka pero hindi ko magagawa 'yan," umiiling na tanggi ni Noel. "Sobrang missed ko na si Julie, at gusto ko talaga siyang makausap."

"Ayokong maging panira sa maganda mong balita, pero sigurado ka bang makikipagbalikan sa 'yo si Julie?" Ibinaba niya ang tingin sa plato. Kesehoda nang magmukha siyang kontrabida basta mabuksan lang niya ang mga mata ni Noel. "Baka naman may iba siyang sasabihin."

"Ano naman ang ini-expect mong sasabihin niya?" tanong nito sa hindi makapaniwalang boses.

Tinaasan lamang niya ito ng dalawang kilay.

Agad nitong naintindihan ang ibig niyang sabihin. Umiiling itong sumandal sa upuan, at pinagkrus ang dalawang braso sa dibdib. "Hindi gagawin ni Julie ang iniisip mo. Mahal niya 'ko, at ang hiwalayan namin? It's just temporary."

"You are so clueless when it comes to women," Kate groaned, pinapahaba ang pagbigkas sa salitang 'so.' Ibinaling na lamang niya ang atensyon sa French toast dahil mukhang wala na talagang pag-asa ang kaibigan. "Relationship expert ako. It won't hurt kung makinig ka naman sa 'kin paminsan-minsan."

“Hindi ito tungkol lang sa isang article mo, Kate,” nakaismid na turan ng binata. “Hindi ko kayang kalimutan ang five years nang gan’on lang.”

Hindi niya alam kung bakit, but Noel’s last statement definitely sounded like a challenge. “Diyan ka nagkakamali. Kung susundin mo ang advice ko, sinisigurado ko sa ’yo na makakahanap ka agad ng ipapalit kay Julie, someone who actually deserves you.”

Natawa lang ulit ang kausap. “Kumain ka na nga. Gutom lang ’yan.”